State of California-Health and Human Services Agency
**Department of Health Care Services**
P.O. Box 989009, West Sacramento, CA 95798-9850

XX/XX/XXXX

S13 –

JOHN OR JANE SAMPLE
1234 SAMPLE STREET
ANYTOWN CA 90000

# May Pagbabago sa Iyong Medi-Cal na mga Benepisyo

Minamahal na [Member Name]:

Ang sulat na ito ay tungkol sa iyong mga pangangalagang pangkalusugan. Mayroong pagbabago sa saklaw ng iyong pangangalagang pangkalusugan. Makukuha mo na ngayon ang iyong pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng **Medi-Cal health plan**.

Pinadalhan ka namin ng *My Medi-Cal Choice* na polyeto noong unang bahagi ng Enero. Isinasaad sa polyeto kung paano pumili ng Medi-Cal health plan. Kung hindi ka pipili ng Medi-Cal health plan bago ang **Marso 1, 2020**, ie-enroll ka namin sa mga plan na ito:

| **Pangalan:** | **Health Plan:** | **Dental Plan:** | **Petsa ng Simula:** |
|---|---|---|---|
| <Insert Bene's Namexxxx> | <Insert MCPxxxxxxxxxxxxxxx> | Medi-Cal Dental | 3/1/2020 |

## Ano ang mababago?

Nagbago ang saklaw ng iyong pangangalagang pangkalusugan at naging **ganap na saklaw** na mga serbisyong Medi-Cal. Mas marami ka na ngayong benepisyo. Makakakuha ka ng pangangalaga sa pamamagitan ng Medi-Cal health plan.

Sa ganap na saklaw ng Medi-Cal, patuloy ka pa ring makakakuha ng pangangalagang pangkalusugan nang hanggang dalawang buwan mula sa sinumang doktor na tumatanggap ng Medi-Cal Fee-For-Service (regular na Medi-Cal). Sa sandaling mag-enroll ka sa Medi-Cal health plan, makukuha mo ang iyong mga serbisyong kinakailangang pangmedikal sa pamamagitan ng health plan.

## Ano ang Medi-Cal health plan?

Ang Medi-Cal health plan ay nagbibigay sa iyo ng mga serbisyong kinakailangang pangmedikal sa pamamagitan ng "network" (grupo) ng mga doktor. Nagbibigay sila ng pangunahin at panlaban na pangangalaga. Kapag kumuha ka ng Medi-Cal health plan, ang plan ay:



LA_0004129_TAG1_1019

- Tutulong sa pamamahala sa pangangalaga sa iyo
- Tutulong sa iyong humanap ng mga doktor at espesyalista
- May 24 na oras na linya para sa payo ng nurse
- May mga serbisyo sa miyembro para tulungan ka
- Tutulong sa iyo kaugnay ng transportasyon para sa mga medikal na pagbisita
- Tutulong sa iyong makakuha ng mga serbisyong maaaring kailangan mong hindi saklaw ng plan

## Ano ang susunod na mangyayari?

Dapat matanggap mo ang *My Medi-Cal Choice* na polyeto sa koreo. Isinasaad dito kung paano pumili ng health plan at doktor. Para mag-enroll sa plan gamit ang telepono, tumawag sa Health Care Options (HCO) sa **1-800-576-6890** (TTY: 1-800-430-7077).

## Ano ang aking mga pagpipilian?

1. Maaari mong piliing walang gawin. Ie-enroll ka namin sa Medi-Cal health plan na nakalista sa itaas sa **Marso 1, 2020**.
2. Maaari kang mag-enroll sa Medi-Cal health plan na nakalista sa itaas at pumili ng doktor o klinika **bago ang Marso 1, 2020**.
3. Maaari kang mag-enroll sa **ibang** Medi-Cal health plan o pumili ng doktor o klinika sa plan na iyon.

Kung gusto mong mag-enroll ngayon sa plan na nakalista sa itaas o sa ibang plan, tumawag sa HCO sa **1-800-576-6890** (TTY: 1-800-430-7077). O ipadala ang form ng pagpili na kasama sa iyong polyeto. Kapag nag-enroll ka sa health plan bago ang Marso 1, 2020, maaaring magsimula kaagad ang iyong health plan sa **Pebrero 1, 2020**.

## Paano ako makakakuha ng mga serbisyong dental?

Mayroon kang dalawang pagpipilian sa kukuning dental na serbisyo:

- Maaari kang mag-enroll sa **dental plan** na nasasaklawan ng Medi-Cal. Ang iyong *My Medi-Cal Choice* na polyeto ay mayroong form ng pagpipilian sa dental plan at impormasyon tungkol sa mga dental plan. Para sa impormasyon sa dental plan o tulong sa pag-enroll tumawag, sa HCO sa **1-800-576-6890** (TTY: 1-800-430-7077).
- Makakakuha ka ng mga serbisyong dental sa pamamagitan ng Medi-Cal Dental na programa. Para sa impormasyon sa Medi-Cal Dental Customer Service, tumawag sa Medi-Cal Dental sa 1-800-322-6384 (TTY: 1-800-735-2922).

Mae-enroll ka sa Medi-Cal Dental kung hindi ka pipili ng dental plan bago ang **Marso 1, 2020**.

May karagdagang impormasyon ang pahina ng Mga Madalas Itanong (FAQ) na nakalakip sa sulat na ito tungkol sa iba pang serbisyong available sa pamamagitan ng Medi-Cal. Kabilang sa mga ito ang mga serbisyo para sa kalusugang mental, mga serbisyo sa paggamot sa alak at droga, pangangalaga sa paningin (mata), at iba pang serbisyong kinakailangang pangmedikal.

## Ano ang dapat kong gawin ngayon?

- Makipag-usap sa iyong doktor o klinika para alamin kung nakikipagtulungan sila sa Medi-Cal plan.
- Pumili ng isa mula sa "**Ano ang aking mga pagpipilian?**" sa itaas ng sulat na ito.
- Tumawag sa HCO sa **1-800-576-6980** (TTY: 1-800-430-7077) para sa higit pang pagpipilian na plan. O hintayin ang iyong *My Medi-Cal Choice* na polyeto sa koreo. Ang polyetong ito ay nakalagay sa isang malaking sobre mula sa Department of Health Care Services.
- Maaari mo ring bisitahin ang aming website sa: **www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov**.

Kung kailangan mo pa ng tulong, tawagan ang Department of Health Care Services Ombudsman sa 1-888-452-8609, Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. Libre ang tawag.

## Paano kung marami pa akong katanungan?

**Mga Serbisyo para sa Karamdaman sa Paggamit ng Substansiya**
Para sa tulong sa pang-emergency na pagpapayo, mga serbisyong pag-detox, at paggamot na outpatient sa tahanan o nang pangmatagalan, tawagan ang iyong lokal na programa na nakalista sa website ng Alcohol and Other Drugs Program County Directory sa:
**www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/SUD_County_Access_Lines.aspx**

**Mga Serbisyo sa Mental na Kalusugan**
Para sa mga hindi pangmadaliang katanungan, mga pangkalahatang serbisyo o impormasyon, tawagan ang iyong lokal na kagawaran sa mental na kalusugan na nakalista sa website ng County Mental Health Plan Contact List sa:
**www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx**

Kung naka-enroll ka sa Medi-Cal health plan na nakalista sa itaas, maaari mo ring tawagan ang numero ng telepono para sa serbisyo sa miyembro ng iyong plan para sa tulong sa mga serbisyo sa mental na kalusugan.

**Health Care Options**
Para sa mga katanungan tungkol sa mga pagbabago sa mga benipisyo ng iyong Medi-Cal, tulong sa pag-enroll gamit ang telepono, tulong sa pag-enroll sa dental plan, o paghingi ng sulat na ito sa ibang wika, malalaking sulat, audio, o Braille:

Tumawag sa: **1-800-576-6980** (TTY: 1-800-430-7077), Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 6 p.m. O pumunta sa: **www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov**

**Customer Service para sa Medi-Cal Dental**
Para sa tulong sa paghahanap ng Medi-Cal dental provider sa lahat ng county maliban sa Sacramento, impormasyon para sa appointment sa klinikal na screening, o mga pangkalahatang katanungan sa programang Medi-Cal Dental:

Tumawag sa **1-800-322-6384** (TTY: 1-800-735-2922), Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. O pumunta sa: **www.denti-cal.ca.gov/Beneficiaries/Denti-Cal**